Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-LABING DALAWANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-27 NG MARSO, 1996 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr.- Kagawad
7. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
8. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
9. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

Di-Dumalo:

1. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
2. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAPASIYAHAN BLG. 59-'96
(Sa mungkahi ni Kag. Tiongco na pinangalawahan ni Kag. Lijauco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY PAPURI SA HIMPILAN NG PULISYA NG SANTA ROSA, LAGUNA SA MAAGAP NA PAGTALIMA SA ATAS NG SANGGUNIANG BAYAN NA SIYASATIN ANG SUMBONG HINGGIL SA PAGHIGOP (extraction) NG TUBIG MULA SA LUPAING PAG-AARI NG PAMILYA BERMUDEZ SA BARANGAY PULONG SANTA CRUZ, SANTA ROSA, LAGUNA.

YAYAMANG, matapos na matanggap ng kapulungan ang isang Sumbong hinggil sa ilegal na paghigop ng tubig mula sa isang lagay na lupang pag-aari ng Pamilya Bermudez na ang tubig na nakukuha sa ilalim ng lupa ay ginagamit na panghanapbuhay o pangkomersiyal sa pamamagitan ng pagdadala nito sa mga pabrika ng nagsasabotelya ng "mineral water" ay iniliwat sa Himpilan ng Pulisya na nagsagawa naman ng agarang pagsisiyasat at pagsusulit ng Ulat sa kapulungan na ginagawang bahagi ng Katitikang ito at nilagyan ng TANDANG "I";

YAYAMANG, ang Himpilan ng Pulisya ay maagap na nakakatugon sa mga kahilingan at atas ng Pamahalaang Bayan lalo't higit sa mga pangyayaring kinakailangan ang kanilang pakikiisa at pakikipagtulungan.

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagbibigay papuri sa Himpilan ng Pulisya ng Santa Rosa, Laguna sa maagap na pagtalima sa atas ng Sangguniang Bayan na siyasatin ang sumbong hinggil sa paghigop (extraction) ng tubig mula sa lupaing pag-aari ng pamilya Bermudez sa Barangay Pulong Santa Cruz, Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-12 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-27 ng Marso, 1996.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim

REC'D BY
P/C/PAGUIN
08 April 1996